


# ANO ANG MAKUKUHA NAMIN BILANG KAPALIT?

## PAANO PINIPINSALA NG NICKEL BOOM SA PILIPINAS ANG KARAPATANG PANTAO

AMNESTY INTERNATIONAL


**Ang Amnesty International ay isang kilusan ng 10 milyong tao na naglalayong i-mobilisa ang pagkatao sa bawat indibidwal. Nangangampanya ito para sa pagbabago upang matamasa nating lahat ang ating mga karapatang pantao. Hangad naming mamalas ang isang mundo kung saan tinutupad ng mga may kapangyarihan ang kanilang mga pangako, iginagalang ang mga pandaigdigang batas (international law) at pinapanagutan nila ang kanilang mga gawain. Malaya kami mula sa anumang pamahalaan, ideolohiyang politikal, at interes sa ekonomiya o relihiyon. Ang pangunahing pinagmumulan ng aming pondo ay ang aming mga miyembro at mga indibidwal na donasyon. Naniniwala kami na ang pagkilos na may pagkakaisa at pakikiramay sa ibang tao, nasaan man sila sa mundo, ay maghahatid ng mabuting pagbabago para sa ating lipunan.**

© Amnesty International 2024
Maliban na lamang kung may ibang nabanggit, ang nilalaman ng dokumentong ito ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons (attribution, non-commercial, walang derivatives, 4.0).
https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode
Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang pahina ng mga pahintulot o permissions page sa aming website: www.amnesty.org
Kung ang materyal ay iniuugnay sa isang copyright owner maliban sa Amnesty International, ang materyal na ito ay hindi napapailalim sa lisensya ng Creative Commons.
Unang nailathala noong 2024 by Amnesty International Ltd
Peter Benenson House, 1 Easton Street,
London WC1X 0DW, UK

**Index: ASA 35/8607/2024**
**Orihinal na wika: English**

**amnesty.org**

***Cover:*** *Disenyo ni Colin Foo. Mga imahe © 2024 Amnesty International*



# PANGKALAHATANG BUOD

Nagbabanta ang krisis sa klima (climate crisis) sa pagtatamasa ng mga karapatang sibil, politikal, pang-ekonomiya, panlipunan at pangkultura ng kasalukuyan at hinaharap na mga henerasyon, at sa pangkalahatan, kinabukasan ng sangkatauhan. Napakahalaga na lumipat ang mundo mula sa paggamit at produksyon ng fossil fuels patungo sa renewable energy sources upang matugunan ang climate crisis. Gayunpaman, sa Pilipinas at sa iba pang lugar, humahantong sa pagkakalbo ng mga kagubatan (deforestation), pinsala sa kapaligiran at malubhang pinsala sa mga rural na komunidad at mga Katutubo (Indigenous People) ang mahinang regulasyon sa pagkuha (extraction) ng mga hilaw na materyales (raw materials) na kailangan para sa energy transition.

Ang Pilipinas ang pangalawang pinakamalaking producer ng nickel sa mundo kasunod ng Indonesia, at ang pinakamalaking exporter ng nickel ore sa mundo. Mahalagang bahagi ang nickel sa mga lithium-ion battery na ginagamit upang magpatakbo ng electric vehicles (EVs) at mga renewable energy storage unit. Ayon sa International Energy Agency, nakatakdang tumaas ng humigit-kumulang siyam na beses sa pagitan ng 2024 at 2050 ang pangangailangan para sa mga mineral para sa EV batteries. Sa Pilipinas, tinatayang maaaring magkaroon ng kasing-dami ng 190 ang bilang ng bagong mining projects sa taong 2026, kung saan nickel ang isang katlong bahagi ng mga bagong minahan.

Sa mga probinsya ng Zambales at Palawan – tahanan ng ilan sa mga pinakamalaking deposito ng nickel sa Pilipinas – ang mga Indigenous at rural na komunidad ang nagdurusa mula sa pag-aagawan ng mundo sa extraction ng mga materyales para sa energy transition. Linalabag ng deforestation at environmental pollution mula sa pagmimina ng nickel ang kanilang karapatan para sa malinis, malusog at napapanatili o *sustainable* na kapaligiran. At bilang resulta, iniuulat ng mga komunidad ang matinding pinsala sa kanilang mga kabuhayan, access sa tubig at kalusugan. Hindi sapat na ipinaalam sa mga apektadong komunidad ang masamang epekto ng pagmimina ng nickel, at hindi rin sila sapat na kinonsulta – alinsunod sa domestic at internasyonal na batas (international law). Sa Palawan, napinsala ang mga karapatan ng mga Pala'wan Indigenous People sa Free, Prior and Informed Consent (FPIC) at sariling pagpapasya (self-determination). Nabigong igalang ng mga proseso ng FPIC ang kanilang mga nakaugaliang kinatawan at mga paraan ng pagdedesisyon, habang nag-aambag ang mga nickel mining project sa pag-angkin o *dispossession* sa kanilang mga lupaing ninuno (ancestral land) at pagguho ng kanilang kultura at pagkakakilanlan bilang mga Indigenous People.

Inilarawan ng mga eksperto ng United Nations (UN) bilang mga “sacrifice zones” ang mga lugar “kung saan dumaranas ang mga residente ng mapangwasak na pisikal at mental na epekto sa kalusugan at mga paglabag sa kanilang karapatang pantao, bilang resulta ng pagtira sa mga hotspot ng polusyon at lubhang kontaminadong mga lugar”. Maituturing ang Santa Cruz sa Zambales na isang "sacrifice zone" habang nanganganib na mapatulad ang Brooke's Point sa Palawan kung magpapatuloy ang mga nickel mining operation at bibigyan ng pahintulot ang mga karagdagang kumpanya upang ilunsad ang mga mungkahing makapagmina ng mas maraming nickel sa lugar. Habang ini-export ng Pilipinas ang karamihan sa mga raw nickel nito para maproseso (dito idinaragdag ang halaga), bukod sa mga mismong kumpanya ng pagmimina, mga multinasyonal na EV maker at mamimili sa industriyalisadong bansa ang mga pangunahing may pakinabang sa mga sakripisyong ito – na maitutumbas sa environmental racism.

## "SACRIFICE ZONES"

**Inilarawan ng mga eksperto ng United Nations (UN) bilang "sacrifice zones" ang mga lugar *"kung saan dumaranas ang mga residente ng mapangwasak na pisikal at mental na epekto sa kalusugan at ng mga paglabag sa kanilang karapatang pantao, bilang resulta ng pagtira sa mga hotspot ng polusyon at lubhang kontaminadong mga lugar".***

# METODOLOHIYA

Matagal nang pinagtutuunan ng pansin ng gawain ng Amnesty International ang mga epekto sa karapatang pantao ng pagmimina ng mga metal ng baterya (battery metals). Batay ang ulat na ito sa pananaliksik na nag-iimbestiga sa mga pang-aabuso sa karapatang pantaong kaugnay ng pagmimina ng nickel sa Pilipinas na naganap sa pagitan ng Setyembre 2023 at Oktubre 2024. Sinusuri ng pananaliksik ang dalawang lugar ng pagmimina ng nickel bilang mga case studies: Santa Cruz sa lalawigan ng Zambales, at Brooke's Point sa lalawigan ng Palawan. Layunin ng pananaliksik na itong tiyakin kung sapat na ipinaalam at kinonsulta ang mga komunidad na apektado ng pagmimina ng nickel, at sa kaso ng mga katutubong komunidad sa Brooke's Point, kung tunay na FPIC ang nakuha. Sinikap din nitong maunawaan kung paano naaapektuhan ng mga operasyon ng pagmimina ng nickel ang mga komunidad at kung sapat bang isinaalang-alang ang kanilang mga alalahanin bilang bahagi ng mga konsultasyon.

Ang Santa Cruz ay isang baybaying rehiyon sa lalawigan ng Zambales. Sa kasalukuyan, may apat na malalaking Philippine mining companies ang nagmimina ng nickel sa rehiyon: **BenguetCorp Resources Management Corporation (Benguet); Eramen Minerals Inc. (Eramen); LNL Archipelago Minerals, Inc. (LNL); at Zambales Diversified Metals Corporation (ZDMC).**

Nasa timog ng isla ng Palawan at ancestral home ng Pala'wan Indigenous People ang Brooke's Point. May isang kumpanyang kasalukuyang nagsasagawa ng komersyal na pagmimina ng nickel sa Brooke's Point: **Ipilan Nickel Corporation (INC)**. Dalawa pang kumpanya - **MacroAsia Mining Corporation (MMC) at Lebach Mining Corporation (Lebach)** - ang nagmungkahi ng mga proyekto sa pagmimina ng nickel at mayroong mineral agreement upang magsagawa ng mga mining operation sa rehiyon.

Sa kabuuan, nagsagawa ng tatlong research trips at nakapanayam ng mga mananaliksik ng Amnesty ang 90 miyembro ng komunidad sa Zambales at Palawan na apektado ng aktwal at iminungkahing operasyon ng pitong nickel mining companies. Nagsagawa rin ang Amnesty ng mga panayam sa mga opisyal ng lokal na pamahalaan at mga expert stakeholder, kabilang ang mga abogado at kinatawan ng civil society sa mga binisitang probinsya. Kinolekta ng Amnesty International ang mga larawan, video at drone footage; sinuri ang mga naka-dokumentong ebidensya (kabilang ang mga environmental impact statement at iba pang dokumentong kaugnay ng mining projects, court records, corporate policies at reports) at isinagawa ang malawak na desk research. Sumulat ang Amnesty International nang dalawang beses sa pitong mine operators sa panahon ng pananaliksik. Itinanggi ng Benguet, ZDMC, INC at MMC ang mga alegasyon at matatagpuan ang kanilang mga tugon sa Annex 1. Sa panahon ng pagsusulat, walang tugon na natanggap mula sa Eramen, Lebach at LNL. Sumulat din ang Amnesty sa mga kaugnay na ahensya ng gobyerno ng Pilipinas, sa mga kumpanyang nag-aangkat ng nickel mula sa mga minahan na kasama sa ulat at ang kanilang mga mamimili sa EV supply chain; sinuri ang mga tugon (matatagpuan sa annex ng ulat na ito) at isinaalang-alang ang mga impormasyong natanggap.

# MGA PANGUNAHING NATUKLASAN SA PANANALIKSIK

## KAKULANGAN NG ACCESS SA IMPORMASYON

Sinabi ng mga miyembro at tagapagtaguyod ng komunidad sa Brooke's Point at Santa Cruz sa Amnesty International na hindi nila na-access ang mahahalagang dokumento ng proyekto na importante upang maunawaan ang mga epekto ng nickel mining sa kanilang mga komunidad, kabilang ang nilalaman ng mga environmental impact assessment. Tatlong environmental impact studies (ZDMC, LNL at MMC) lamang ang natagpuan ng Amnesty International sa pitong nickel mining projects na tampok sa ulat na ito. Humiling ang organisasyon ng mga kopya ng mga environmental impact studies mula sa ibang mga kumpanya at mula sa Department of Environment and Natural Resources (DENR), ngunit hindi ibinigay ang impormasyong ito. Sinabi ng Benguet na iprinisinta nito ang environmental impact statement sa mga apektadong komunidad at iba pang stakeholders ngunit hindi ito nagbigay ng kopya sa Amnesty International.

Ayon sa mga nakapanayam na dumalo sa mga konsultasyon para sa mga mining project, nakakuha sila ng ilang impormasyon mula sa mga pagpupulong, kabilang ang tungkol sa environmental impact assessments. Gayunpaman, sinabi nila na hindi nila palaging nauunawaan ang impormasyon na ipinakita sa kanila at pakiramdam nila ay hindi sapat ang ibinahaging impormasyon ng mga kumpanya sa mga maaaring masamang epekto sa kapaligiran at mga komunidad. Dapat magkaroon ang mga komunidad ng buong kopya ng impact assessment at iba pang kaugnay na project documents bago pa man ang anumang consultation meetings, upang magkaroon sila ng sapat na oras upang isaalang-alang ang impormasyon at makapaghanda.




Sa ilang mga kaso, itinangging ibahagi ang project documents sa mga miyembro ng komunidad, sa kabila ng tahasang paghingi nila para sa mga ito. Halimbawa, sa Brooke's Point, sinabi ng mga miyembro ng Pala'wan Indigenous People at ng kanilang mga advocate na partikular silang humingi ng mga kopya ng environmental impact statement ng INC at ng mapa ng mga operasyon at boundary ng kumpanya bilang bahagi ng proseso ng FPIC ngunit hindi nila natanggap ang mga ito. Sinabi ng miyembro ng komunidad na si Romeo Melnocan: "Gusto naming ituro sa amin kung nasaan mismo [ang mga boundary], dahil napakalabo ng mapa na ipinakita sa amin. Hindi kami makapag-desisyon base sa impormasyong ipinakita dahil hindi namin naintindihan ang epekto." Ibinahagi rin ng mga miyembro ng komunidad na lumahok sa mga FPIC process sa Brooke's Point na hindi sila nabigyan ng sapat na panahon upang lubos na maunawaan at makapagpasya sa mga mining project. Alinsunod sa mga internasyonal na pamantayan, upang matugunan ang 'may kaalaman' o 'informed' component ng FPIC, kailangang magkaroon ng buo, malinaw at walang kinikilingang paglalantad o *disclosure* ng lahat ng materyal na aspeto ng proyekto, kabilang ang mga impact assessment, at dapat ibigay ang impormasyong ito bago maganap ang mga konsultasyon.

Dapat isagawa ang mga impact assessment nang may makabuluhang partisipasyon ng mga taong apektado ng proyekto. Subalit marami sa mga nakapanayam, kabilang ang mga nagmula sa mga lugar na direktang naapektuhan ng mga proyekto ng pagmimina, ang hindi maalala ang paglahok nila sa mga environmental impact assessment. Halimbawa, sa Santa Cruz, wala ni isa sa mga miyembro ng komunidad na nakausap ng Amnesty ang nagsabing may kaalaman sila sa mga environmental impact assessment na nagaganap sa kanilang mga komunidad o kung ano ang mga prosesong kaakibat nito. Kabilang dito ang mga tao sa mga komunidad na naapektuhan ng higit pa sa isang mining project, na umano'y lumahok sa maraming impact assessments.

Ang kawalan ng access ng mga miyembro ng komunidad sa mahahalagang impormasyon sa mga epekto ng nickel mining projects ay nagmumungkahing hindi sila nabigyan ng sapat na kaalaman. Salungat ito sa UN Guidelines for States on the Effective Implementation of the Right to Participate in Public Affairs, na nagsasaad na dapat gawing available ang state information alinsunod sa prinsipyo ng maximum disclosure.

## HINDI SAPAT NA KONSULTASYON SA MGA APEKTADONG KOMUNIDAD SA SANTA CRUZ

Kailangang tukuyin ng mga estado ang lahat ng posibleng maaapektuhan ng isang iminungkahing panukala upang malaman kung sino ang dapat makilahok sa proseso ng konsultasyon. Kahit na kadalasan ay may masamang epekto ang mga extractive project hindi lamang sa mismong project area dahil sa polusyon sa hangin at downstream water pollution, natuklasan ng pananaliksik na sa Santa Cruz, halos hindi kabilang ang mga komunidad sa mga mabababang bahagi (lowland communities) sa labas ng project area sa mga nickel mining consultations. Dagdag pa rito, maraming miyembro ng komunidad mula sa mismong project area ang hindi rin kasama, partikular na ang mga kilalang tutol sa mga operasyon ng pagmimina. Humantong ito sa persepsyon na tanging ang mga residenteng maka-mining, tulad ng mga empleyado ng kumpanya at kanilang mga pamilya, ang iniimbitahang lumahok sa mga konsultasyon.

Itinanggi ng dalawa sa mga kumpanya ng pagmimina, ZDMC at Benguet, na hindi sapat ang mga proseso ng pakikilahok para sa kanilang mga mining project. Sa kabila nito, iniulat ng mga nakapanayam na lumahok sa mga konsultasyon sa Santa Cruz ang ilang mga depekto. Halimbawa, sinabi nila na madalas na dini-dismiss ng mga mining company at kinatawan ng pamahalaan ang kanilang mga alalahanin at pakiramdam nila ay wala silang kapangyarihan na hamunin ang kalalabasan at tutulan ang mga mining project. Dapat lumahok ang mga estado at kumpanya sa mga konsultasyon na may pang-unawang isa sa maaaring resulta ang hindi pagpapatuloy ng proyekto. Gayunpaman, sa mismong gawi, sinabi ng mga residente na nadama nila na sa simula pa lamang ay batid na ang konklusyon.

## MGA IREGULARIDAD NG FPIC SA BROOKE'S POINT

Sa Brooke's Point, isinagawa ang mga proseso ng FPIC kaugnay ng mga minahan ng nickel ng INC at MMC, habang nagsimula ang pampublikong saklaw o *public scoping* kaugnay sa nickel mine ng Lebach. Dahil sa mga mining project at depektibong proseso ng FPIC, nahati ang mga miyembro ng Pala'wan Indigenous Peoples sa grupong maka-mining at sa grupong sumasalungat sa nickel mining sa lugar. Ayon sa INC at MMC, ang mga proseso ng isinagawang FPIC ay alinsunod sa mga requirement, ngunit naidokumento ng Amnesty International ang maraming iregularidad sa mga FPIC process para sa parehong mining projects.

Una, patungkol sa minahan ng nickel ng INC, walang Certification Precondition mula sa National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) na nagpapatunay na sumunod ito sa mga kinakailangang FPIC requirements sa ilalim ng Philippine Indigenous Peoples Rights Act nang magsimula ang kumpanya ng komersyal na operasyon noong Setyembre 2022. Noong una, sinabi ng INC na exempt ito mula sa pagkuha ng nasabing sertipikasyon. Noong Agosto 2023, nag-isyu ang NCIP ng cease-and-desist order sa INC bilang tugon sa serye ng mga reklamo mula sa mga miyembro ng Pala'wan Indigenous People sa Brooke's Point hinggil sa proseso ng FPIC at mga alegasyon na ilegal ang operasyon ng kumpanya dahil wala itong Certification Precondition. Sa kabila nito, nagpatuloy ang operasyon ng kumpanya. Noong Setyembre 2024, nag-isyu ang NCIP sa INC ng Certification Precondition, dalawang taon pagkatapos magsimula ang operasyon ng kumpanya. Sinabi ng INC sa Amnesty International na wala nang praktikal na halaga o "moot" na ang cease-and-desist order ng NCIP dahil mayroon na itong Certification Precondition. Maaaring ikatwiran na hindi dapat nagsimula ang INC ng komersyal na operasyon nito nang walang sertipikasyon. Sa anumang kaso, iginalang dapat ng kumpanya ang cease-and-desist order at ganap na itinigil ang lahat ng operasyon nito hanggang sa malutas ang legal na isyu.

Pangalawa, kahina-hinala kung lehitimo ba ang FPIC na nakuha para sa minahan ng INC dahil sa mga iregularidad sa FPIC process at mga reklamong inihain ng mga miyembro ng Pala'wan Indigenous People. Sinabi ng INC na nagdaos ito ng mga serye ng FPIC consultation noong Agosto 2022, na nagtapos sa pagbibigay ng mga Indigenous leader ng kanilang FPIC sa isang Memorandum of Agreement noong

Setyembre 2022. Ngunit, noong Hulyo 2023, nakatanggap ang NCIP ng isang resolusyon mula sa mga pinuno ng Pala'wan na bumabawi sa memorandum of agreement dahil sa "umano'y iregularidad, partikular ang extension ng pagbibigay ng pahintulot para sa kasalukuyang operasyon at renewal nito, at ang kawalan ng probisyon para sa mga pagbabayad ng royalty para sa kasalukuyang operasyon ..." Sa kabila nito, ipinagpatuloy ng kumpanya ang mga operasyon nito. Bilang umuulit o iterative na proseso ang FPIC, maaaring bawiin sa anumang oras ang pahintulot, at itinigil dapat ng kumpanya ang operasyon nito sa sandaling binawi ang memorandum of agreement. Ayon sa INC, isang karagdagang memorandum of agreement ang napagkasunduan noong 1 Hunyo 2024, na pinagtibay ng NCIP.

Inireklamo rin ng mga nakapanayam ang prosesong may kinalaman sa minahang pinatatakbo ng MMC. Sinabi ng MMC na nakuha nito ang FPIC para sa nakaplanong mga komersyal na mining operation noong 2010, ngunit hindi naibigay ang Certification Precondition hanggang Pebrero 2023, matapos nitong makipag-areglo sa NCIP para sa isang legal na kaso at magsagawa ng FPIC processes noong Agosto 2022 sa dalawang karagdagang komunidad na dating hindi nakasama.

Sa ilalim ng FPIC, kailangang ibigay ang pahintulot nang malaya, walang pagmamanipula, pamimilit, pagbabanta, pananakot ng paghihiganti, at katiwalian. Ngunit ayon sa mga nakapanayam, inalok sila at ang ibang miyembro ng komunidad ng kumpanya ng pera upang suportahan nila ang mga nickel mining project. Inilarawan ng iba ang pagbabanta dahil sa kanilang pagsalungat sa mga aktibidad sa pagmimina. Ibinahagi ng Vice Mayor ng Brooke's Point at dalawang konsehal ng munisipyo na nakatanggap silang lahat ng mga ulat na inaalok ng suhol ang mga miyembro ng Pala'wan Indigenous People kapalit ng pagsuporta sa mga mining projects. Inilarawan din nila at ng iba pang mga nakapanayam kung paano dahan-dahang sinusugpo ng panunuhol ang pagsalungat sa mga komunidad. Sinabi rin ng mga nakapanayam na tanging ang mga taong kilala bilang pro-mining ang inimbitahan sa mga FPIC consultation, habang hindi isinama ang karamihan sa mga salungat sa pagmimina. Ayon sa miyembro ng komunidad na si Bee Calman: "Pro-mining ang mga tao dahil sa pera, suhol. Kung mayroong pagpupulong, makakakuha kaagad ng imbitasyon ang mga pro-mining, ngunit kaming mga naapektuhan ay hindi kailanman makatatanggap."

Noong Hunyo 2023, pansamantalang sinuspinde ng NCIP ang proseso ng FPIC para sa minahan ng nickel ng INC, dahil sa mga paratang na sinuhulan ng INC ang mga miyembro ng komunidad. Bilang tugon sa Amnesty International, hindi partikular na sinagot ng INC ang mga paratang ng panunuhol ngunit sinabi nitong iniurong na ng Indigenous community ang lahat ng kaso laban sa kumpanya, kabilang ang reklamo ng NCIP. Ayon sa MMC: "Mariin naming itinatanggi ang anumang alegasyon ng panunuhol o pamimilit sa ilalim ng proseso [ng FPIC], na isinagawa nang bukas, malinaw at may paglahok ng mga lehitimong Indigenous leader."

Sinabi ng mga dumalo sa mga FPIC meeting na hindi pinansin ang mga alalahanin nila sa ilalim ng proseso. Ayon sa miyembro ng komunidad na si Weliton Palite: "Maraming problemang dinala ang mga konsultasyon ng NCIP, napaka-biased nila. Hindi sila nakikinig sa mga karapatan ng [Indigenous Peoples]. Noong itinaas namin ang kamay namin para magsalita, hindi kami pinansin."

Isa sa mga pangunahing alegasyon hinggil sa FPIC processes ang pagpili ng mga kalahok na miyembro ng Pala'wan Indigenous People, na hindi alinsunod sa kustomaryo o nakagawiang kinatawan ng Pala'wan community. May mga tradisyunal na pinuno ang Pala'wan na minana ang kanilang posisyon ayon sa angkang pinagmulan o *descent*, na kilala bilang Panglima. Subalit ayon sa mga tagapagtaguyod at miyembro ng komunidad, nagtalaga ng hindi-kustomaryong Indigenous leaders ang NCIP sa FPIC process, habang ang lehitimong Panglima ay hindi kasama. Dagdag pa rito, sinabi ng mga nakapanayam na ipinawalang-saysay sa ilalim ng FPIC process ang tradisyunal nilang paraan ng pagdedesisyon, batay sa pagkakaisa o *consensus*. Sa halip, pinagtuunan ng NCIP ang desisyon ng mas nakararami o *majority*. Ang hindi pagkilala sa mga nakaugaliang kinatawan ng komunidad at paraan nito ng pagdedesisyon sa ilalim ng FPIC process ay maituturing na paglabag sa karapatan sa sariling pagpapasya (right to self-determination), at nagpapawalang-bisa sa proseso ng FPIC.

# IBINAHAGI NG MGA APEKTADONG MIYEMBRO NG KOMUNIDAD SA SANTA CRUZ AT PALAWAN



## NA NABABAHALA SILA SA EPEKTO NG ENVIRONMENTAL POLLUTION MULA SA NICKEL SA KANILANG KABUHAYAN

Sa panahon ng pagsasaliksik, hindi pa nagsisimulang konsultahin ng Lebach ang Pala'wan upang kunin ang kanilang pahintulot para sa pagsasagawa ng nickel operation sa lugar. Noong Marso 2022, sumulat ang mga pinuno ng Pala'wan sa Mines and Geosciences Bureau upang ireklamo ang mga iminungkahing drilling activity ng Lebach na walang pahintulot nila. Hindi tumugon ang Lebach sa kahilingan ng Amnesty International para sa impormasyon tungkol sa mga pagsisikap nitong konsultahin at kunin ang pahintulot ng mga apektadong Pala'wan Indigenous People.

## MASAMANG EPEKTO NG PAGMIMINA SA KABUHAYAN

Ibinahagi ng mga apektadong miyembro ng komunidad sa Santa Cruz at Palawan na nababahala sila sa epekto ng environmental pollution mula sa nickel sa kanilang kabuhayan. Inilalarawan ng mga available na environmental impact statement ng mga mining project ang maraming mga pinsala sa tubig. Kabilang dito ang deposito ng mga pinong butil ng buhangin, putik, at iba pang materyales sa mga anyong tubig o *siltation*, at pagkasira ng kalidad ng tubig, aquatic species displacement at ang pagkakaroon ng flash flood, ngunit kadalasan ay sinasabi ng mga kumpanya na hindi ito masyadong mahalaga o maaaring mabawasan ang panganib nito.

Sa Santa Cruz, sumailalim ang Eramen, Benguet, ZDMC at LNL sa maraming enforcement actions para sa mga environmental violation sa lugar sa nakalipas na dekada. Halimbawa, natuklasan ng isang ulat noong 2014 ng Mines and Geosciences Bureau na nagdulot ang apat na kumpanya ng siltation sa mga daluyan ng tubig at lupang sakahan at inirekomendang suspindihin ang kanilang mga operasyon hanggang maisagawa nila ang mga kinakailangang pagwawasto. Noong 2015, inutusan ng DENR ang Benguet, Eramen at LNL na magbayad ng 3.2 milyong piso (tinatayang £42,538) bilang bayad-pinsala sa mga magsasakang may lupaing nakontamina ng nickel laterite. Sinabi ng ZDMC na sa kabila ng pagsisiyasat na humantong sa konklusyon na hindi responsable ang mga operasyon nito para sa pinsala sa mga lupang sakahan, kusang-loob itong nagbigay ng tulong pinansyal sa mga apektadong magsasaka. Sinabi naman ng Benguet na binayaran nito ang mga apektadong magsasaka "kahit na walang tiyak na natuklasang pananagutan". Itinatanggi ng parehong kumpanya na nagdulot ng environmental pollution ang kanilang operasyon at binalangkas nila ang ilang mga hakbang nilang ginawa upang pagaanin ang malubhang mga epekto. Binanggit din ng Benguet ang mga pag-aaral na nagpapatunay umano ng kawalan ng masamang epekto sa lugar, ngunit hindi ibinahagi ng kumpanya ang mga pag-aaral na ito.

Noong Hulyo 2016, muling sinuspinde ng DENR ang ZDMC at Benguet dahil sa "iba't ibang umano'y mga environmental na krimen, mga paglabag sa mga mining at environmental law, at mga reklamo ng iba't ibang grupo laban sa mga umano'y epekto" ng kanilang mining operations. Noong 2017, kinansela ng DENR ang mga mineral agreement ng apat na mining company na nagresulta sa pagsasara ng kanilang mga operasyon. Sa kabila ng mga pagbaliktad sa mga cancellation at suspension order, sinabi ng mga nakapanayam na patuloy na nilalabag ng mga kumpanya ang environmental protections. Ibinahagi ni Philip Camara, isang dating DENR Undersecretary, sa Amnesty International: "Sa Santa Cruz, halos binura ng apat na mining companies ang watershed ng komunidad. Tinanggal ang biodiversity at mga puno, may mga iba't ibang uri ng paglabag, na kapareho ng nangyayari

noong sinuspinde at isinara ng [dating] DENR Secretary ang mga minahang iyon…" Sinabi ng mga nakapanayam na ang mga mapagkukunan ng tubig na dating malinaw ay naging kulay reddish-brown pagkatapos magsimula ng mining operations, na nagpapahiwatig ng kontaminasyon ng nickel laterite. Sinabi nila na naapektuhan ng polusyon sa tubig ang kanilang kabuhayan. Halimbawa, sinabi ng mga mangingisda na bumaba ang supply ng isda sa baybayin at sa mga lokal na ilog nang magsimula ang mining operations at magbago ang kulay ng tubig. Ayon kay Marilyn Bacho, na isang mangingisda sa ilog, "mas naging mahirap magpalaki ng mga bata. Minsan, isang beses lang kami kung kumain sa isang araw". Sinabi ng mga magsasaka na bumagal ang paglago at humina ang ani ng kanilang pananim dahil sa kontaminasyon ng water sources na ginagamit nila bilang patubig sa kanilang sakahan. Ayon sa miyembro ng komunidad na si Demetria Takio: "Bago ang nickel mining, puno ng mga puno ang mga bundok. Kumikita kami mula lamang sa pagsasaka ng mga gulay at lamang-ugat (root crop). Maganda ang buhay noon."

Maraming miyembro ng komunidad ang nag-ulat na nararanasan nila ang mas maraming pagbaha nang magsimula ang mining operations; ipinapakita ng mga pag-aaral na tumataas ang panganib at nagiging mas malubha ang pagbaha dahil sa deforestation at erosion. Sinabi ng mga magsasaka na sinira ng tubig-bahang kontaminado ng nickel laterite ang kanilang mga pananim at hindi na nila magamit ang kanilang mga lupang sakahan. Iniulat din nila ang pinsala sa mga pananim at pagbagal ng paglago at paghina ng ani dahil sa dami ng red-brown na alikabok na dulot ng mga trak na naghahakot ng nickel (hauling truck) sa mga kalsadang binabaybay ang gilid ng kanilang mga bukirin. Sa mga pagbisita noong Enero at Mayo 2024, naobserbahan ng mga mananaliksik ng Amnesty International ang ilang mga hauling truck na nagdudulot ng maraming alikabok at red-brown na alikabok sa mga pananim at ani sa kahabaan ng kalsada.

Sinuri ng isang pag-aaral na inilathala sa peer-reviewed journal na Nature Environment and Pollution Technology ang heavy metal na matatagpuan sa mga pananim na palay at gulay sa mga lupa sa mining areas sa Santa Cruz. Natuklasan nito na ang mga lupang pang-agrikultura sa ilang mga lugar ay "hindi na angkop para sa agrikultural na gamit dahil sa mataas na konsentrasyon ng mga heavy metal, nickel at chromium, na nagdudulot upang hindi na maging produktibo at hindi na masuportahan ang paglago ng halaman." Natukoy ng pag-aaral na lampas sa mga limitasyon na itinatag ng World Health Organization at European Union ang konsentrasyon ng heavy metal sa mga lupa.

Sa Brooke's Point, iniulat din ng mga Indigenous Pala'wan farmer ang masamang epekto sa kabuhayan ng pagsisimula ng pagmimina ng nickel sa lugar. Sinabi ni Ronald Combang, isang magsasaka ng palay, na bago ang operasyon ng pagmimina, hindi bababa sa 80 sako ng bigas ang naaani niya ngunit ngayon ay nahihirapan siyang punuin ang 50 sako. "Dahil ito sa mga epekto ng pagmimina. Pinaparumi ng laterite mula sa mga minahan ang mga ilog na pinagmumulan ng tubig para sa aming sakahan," aniya. Iniulat din ng mga magsasaka na nag-iiwan ang baha ng mga debris at nickel laterite sa kanilang mga bukirin na sumisira sa mga pananim, samantalang bago ang pagmimina, hindi naaapektuhan ng mga pagbaha ang mga sakahan kapag bumaba na ang tubig. Iniulat din ng mga magsasaka ang pinsala sa kanilang mga pananim dulot ng alikabok mula sa pagmimina ng nickel.

Noong 2022, nagtayo ang INC ng isang daungan sa Brooke's Point, para maikarga ang nickel ore sa mga barko para i-export. Iniulat ng mga miyembro ng komunidad na walang konsultasyon upang makakuha ng FPIC bago gawin ang daungan, sa kabila ng pagtatayo nito sa isang lugar na tradisyunal na ginagamit ng Pala'wan para sa lobster farming at pagkolekta ng shellfish. Ayon kay Romeo Melnocan: "Nangingisda kami noon kung saan nakalagay ang mga barge ng kumpanya. Ngayon, hindi na kami makalapit sa mga barko para mangisda. Sa mababaw na lugar, pinapalabo ng laterite ang tubig, at hindi kami makapangisda roon."

# ANG KARAPATANG PANTAO SA TUBIG

AY NAGBIBIGAY NG KARAPATAN SA BAWAT ISA SA SAPAT, LIGTAS AT PHYSICALLY ACCESSIBLE NA TUBIG PARA SA PERSONAL AT DOMESTIC NA GAMIT

## ACCESS SA TUBIG

Ang karapatang pantao sa tubig (right to water) ay nagbibigay ng karapatan sa bawat isa sa sapat, ligtas at physically accessible na tubig para sa personal at domestic na gamit. Gayunpaman, iniulat ng mga miyembro ng komunidad sa Santa Cruz at Brooke's Point ang pagbaba ng supply ng inuming tubig at tubig para sa iba pang pang-araw-araw na gamit, bukod sa irigasyon. Sa Santa Cruz, sinabi ng mga residente na bumaba ang kalidad ng tubig para sa pagkonsumo at domestic na gamit, habang bumaba rin ang availability nito. Halimbawa, sinabi ng ilang miyembro ng komunidad na mas kahawig na ng kulay ng kape ang dating malinaw nilang inuming tubig. Sa Brooke's Point, nagpahayag ang mga miyembro ng komunidad ng pagkabahala hinggil sa kontaminasyon ng water sources na tradisyunal nilang ginagamit para sa inuming tubig, habang sinabi ng mga kababaihan na nakaaapekto sa kanilang kakayahang magsagawa ng gawaing bahay ang pagbaba ng available na magagamit na tubig. Sa parehong lugar, naghatid ng pangamba para sa mga miyembro ng komunidad hinggil sa availability at kalidad ng tubig para sa hinaharap ang nakaplanong pagpapalawak ng mga operasyon ng pagmimina.

## KALUSUGAN

Kilalang pinatataas ng mga pollutant na resulta ng nickel mining ang panganib para sa iba't ibang masamang epekto sa kasulugan, gaya ng sakit sa balat at respiratory issues. Tinukoy din ng available na mga environmental impact statement para sa mga mining project ang potensyal na malalang epekto sa kalusugan, kabilang ang pagtaas ng insidente ng mga respiratory disease na kaugnay ng polusyon sa hangin, bagama't kadalasang sinasabi ng mga kumpanya na hindi gaanong mahalaga o kung hindi man ay maaaring mabawasan ang panganib nito.

Sa isang group interview sa mga miyembro ng komunidad sa Santa Cruz, sinabi ng lahat ng 14 na kalahok na naranasan nila ang pagtaas ng masamang epekto sa kalusugan nang magsimula ang mga operasyon ng pagmimina. Kabilang sa mga karaniwang iniulat na mga epekto sa kalusugan ng mga nakilahok sa focus group at iba pang nakapanayam ang hika, ubo, hirap sa paghinga at iba pang respiratory issues, na dagdag pa sa mga sakit sa balat, at iritasyon sa mata, lalamunan at balat. Sa Brooke's Point, isiniwalat din ng mga nakapanayam ang mga alalahanin sa kalusugan, kabilang ang pagtaas ng mga respiratory problem at mga sakit sa balat nang magsimula ang mga mining activity, lalo na sa mga bata. Dagdag pa rito, iniulat ng mga Indigenous community member na hindi nila ma-access ang lupain na tradisyunal nilang pinagkukunan ng mga halamang gamot dahil nagtayo ang mga kumpanya ng mga boundary sa paligid ng kanilang mga mining site.

Bagama't hindi napatunayan ng Amnesty International ang mga alegasyon tungkol sa masamang epekto na dulot ng mga nickel mining operation sa kabuhayan, tubig at kalusugan, iminumungkahi ng mga matatagpuang ebidensya at ng malubhang mga alegasyon na kailangang magsagawa ng maagap na imbestigasyon ang pamahalaan hinggil sa matinding panganib na dulot ng mga environmental pollution mula sa mga nickel mining project.

## PAG-ANGKIN (DISPOSSESSION) SA MGA LUPAING NINUNO (ANCESTRAL LANDS) AT PAGGUHO NG KULTURA

Nagkaroon ng malalim na epekto sa kultura at pagkakakilanlan ng pamayanan ng Pala'wan ang mga umiiral at nakaplanong operasyon sa pagmimina sa Brooke's Point. Hinadlangan ng mga boundary na itinayo ng mga kumpanya sa paligid ng kanilang mining sites ang mga Pala'wan Indigenous People mula sa pag-access sa mahahalagang bahagi ng kanilang mga ancestral territories. Sinabi rin ng mga miyembro ng komunidad na hindi na nila naa-access ang ilang mga puno na nakasanayan nilang anihin para sa almaciga resin na inaasahan nila para sa kanilang kabuhayan, dahil pinutol ng mga kumpanya ang mga puno upang ihanda ang lupain para sa kanilang mga operasyon at para itatag ang kanilang boundaries. Ayon sa miyembro ng komunidad na si Charlito Milasa: “Ang kultura namin ang naapektuhan, dahil sa pagkasira ng kapaligiran. Sa paniniwala namin, may mga espiritu sa mga bundok at galit sila dahil sa pagkasira ng kanilang mga tahanan, ng mga puno, ng kagubatan.” Lumikha ng pagkakawatak-watak na hindi umiiral sa mga komunidad noon ang pagdating ng mga mining company, na pinalala pa ng mga depektibong proseso ng FPIC at ng mga ulat ng panunuhol at bias. May ilang mga miyembro ng komunidad ang hindi na kinikilala ang isa't isa, at may ilang mga ritwal at pag-aalay ng komunidad na magkakahiwalay nang ginagawa. Lalong pinaguho ang pagkakakilanlan at kultura ng komunidad ng pagpapawalang-saysay sa nakagawiang proseso ng pagdedesisyon ng komunidad, at sa nakaugaliang pagpili sa mga Indigenous leader upang maging kinatawan ng komunidad sa mga FPIC process.

## PINSALA SA KARAPATAN PARA SA MALUSOG NA KAPALIGIRAN (RIGHT TO A HEALTHY ENVIRONMENT)

Iminumungkahi ng ebidensya na sinisira ng nickel mining ang maraming elemento ng karapatan sa isang malusog na kapaligiran, kabilang ang malinis na hangin, pag-access sa malinis na tubig, pag-access sa impormasyon, karapatang lumahok sa paggawa ng desisyon, at pag-access sa hustisya at epektibong mga remedyo. May negatibo itong implikasyon, direkta at hindi direkta, sa pagtatamasa ng lahat ng iba pang mga karapatang pantao. May masamang epekto ang environmental pollution sa mga likas na yaman na inaasahan ng mga komunidad para sa kanilang mga kabuhayan, at sa kaso ng mga Indigenous People, para sa kanilang kultura at mga kaugalian. Ayon kay Romeo Melnocan, miyembro ng Indigenous Pala’wan sa Brooke’s Point: “Isang sumpa sa komunidad namin ang nickel mining. Umaasa kami sa kabundukan para sa aming buhay, tubig at mga tradisyunal na gamot. Ngayon ay nasisira ang mga ito.”

## KAWALAN NG MABISANG MEKANISMO PARA SA MGA HINAING (GRIEVANCE) AT REMEDYO (REMEDIES)

Halos walang kamalayan ang mga miyembro ng komunidad na nakapanayam ng Amnesty International sa Santa Cruz at Brooke's Point sa mga mekanismo ng karaingan upang ipahayag ang kanilang mga alalahanin tungkol sa mga nickel operation na nakaaapekto sa kanila, habang nadama ng mga taong sumubok na maghain ng reklamo na ipinawalang-bahala ng mga lokal na awtoridad ang mga alalahanin nila. Sa kawalan ng epektibong mekanismo ng karaingan, nagsagawa ang mga miyembro ng komunidad ng mga protesta laban sa mga kumpanya at nagsampa ang mga civil society organization ng mga reklamo sa ngalan ng mga komunidad. Sa kabila nito, nagpapatuloy ang mga isyu, ayon sa mga nakapanayam. Nagsampa rin ang mga miyembro ng komunidad ng environmental cases laban sa mga kumpanya ng pagmimina at ahensya ng gobyerno; gayunpaman, hindi pa nagbubunga ng mga positibong resulta ang istratehiyang ito para sa karamihan ng mga apektadong komunidad.

Kailangang subaybayan ng pamahalaan ng Pilipinas ang masamang epekto sa kapaligiran ng pagmimina ng nickel sa Zambales at Palawan. At kung saan may natukoy na mga pinsala, magbigay ng lunas. Dagdag pa rito, may pananagutan ang mga operator ng pagmimina na tiyaking hindi makapipinsala sa mga karapatang pantao ang kanilang mga gawain. Alinsunod sa prinsipyo ng 'polluter pays', dapat panagutan ng sinumang responsable para sa pollution o *polluter* ang halaga ng pagbibigay-lunas sa mga pinsala sa kapaligiran – sa pamamagitan ng pagpapanumbalik, rehabilitasyon at kompensasyon.

# KABIGUAN NG MGA MINING COMPANY NA IRESPETO ANG KARAPATANG PANTAO

## KARAPATANG PANTAO SA KONTEKSTO NG MGA GAWAIN SA NEGOSYO (BUSINESS ACTIVITIES)

May obligasyon ang mga estado sa ilalim ng internasyonal na batas na igalang, protektahan at tuparin ang mga karapatang pantao. Tahasang kinikilala ng UN Guiding Principles on Business and Human Rights (UN Guiding Principles) ang aplikasyon ng mga naturang tungkulin sa konteksto ng business activities. Ayon sa UN Guiding Principles, dapat ipatupad ng mga estado ang mga batas na nag-uutos sa mga kumpanya na igalang ang mga karapatang pantao. Kapag may nagaganap na pang-aabuso sa karapatang pantao, itinatakda ng international law na kailangan managot at magbigay ng mabisang remedyo ang may kasalanan sa mga biktima para sa pinsalang naranasan.

May pananagutan din ang mga kumpanya na igalang ang lahat ng karapatang pantao saan man sila nago-operate at sa kabuuan ng kanilang operasyon. Hiwalay ang corporate responsibility para sa paggalang sa mga karapatang pantao mula sa mga obligasyon ng estado sa karapatang pantao, at umiiral ito nang higit pa sa compliance o pagsunod sa mga pambansang batas at regulasyon. Ayon sa UN Guiding Principles, dapat magkaroon ang mga kumpanya ng patuloy at proactive na human rights due diligence upang matukoy, maiwasan, mapagaan at maisaalang-alang kung paano nila tinutugunan ang kanilang mga epekto sa mga karapatan ng mga taong saklaw ng kanilang mga aktibidad.

Sa kabila ng mga domestic legal protection para sa karapatang konsultahin (right to be consulted) at tahasang mga proteksyon para sa prinsipyo ng FPIC, hindi maayos na naipaalam sa mga komunidad sa Zambales at Palawan ang mga epekto ng nickel mining, at hindi rin sila sapat na nakonsulta. Kung may naganap mang mga konsultasyon, hindi sapat na natugunan ang mga alalahanin na binanggit ng mga miyembro ng komunidad, na nagmumungkahi na hindi makabuluhan ang mga ginawang konsultasyon. Kasunod nito, napinsala ng mga nickel mining project sa parehong rehiyon ang karapatan sa malinis, malusog at sustainable environment at lubhang nanganganib ang mga karapatan ng mga komunidad sa kalusugan, pag-access sa tubig, at kabuhayan. Katumbas ito ng hindi paggalang sa mga karapatang pantao. Kung nagkaroon ng makabuluhang mga konsultasyon, maaaring naiwasan o natugunan sa simula pa lamang ang marami sa mga masamang isyu na iniulat ng mga miyembro ng komunidad.

Mahirap iugnay ang environmental pollution sa isang partikular na kumpanya dahil mayroong apat na iba't ibang mining companies na tumatakbo sa Santa Cruz. Gayunpaman, maaaring nag-aambag ang lahat ng mga kompanyang ito sa mga pinsala sa rehiyon. Sa isang konteksto kung saan maraming polluters at malubhang mga pinsalang nagaganap, dapat na nasa mga kumpanya mismo ang pasanin ng patunay (burden of proof) upang maipakita na ligtas at hindi nakapipinsala ang kanilang mga operasyon sa mga karapatang pantao at sa kapaligiran.

Sa Brooke's Point, nakapinsala ang mga FPIC process para sa INC at MMC sa mga karapatan ng Pala'wan bilang mga Indigenous People, kabilang ang kanilang mga karapatan sa FPIC at sariling pagpapasya. Sa parehong mga kaso, hindi nabigyan ang mga komunidad ng sapat na impormasyon at hindi angkop ang pahintulot na nakuha batay sa mga maling representasyon at pamimilit. Dahil dito, hindi masasabing umiiral ang pahintulot sa simula pa lamang dahil sa mga sirkumstansya kung saan ito ibinigay, na lumalabag sa 'malaya' at 'may kaalamang' pamantayan ng FPIC. Dagdag pa rito, nabigo ang mga proseso ng FPIC para sa parehong mining projects na igalang ang mga nakaugaliang proseso ng pagdedesisyon at pagtatalaga sa mga kinatawan ng Pala'wan Indigenous People. Habang hindi pa naisasagawa ang proseso ng FPIC para sa minahan ng Lebach, napapailalim ang kumpanya sa isang reklamo ng mga pinuno ng Pala'wan para sa iminumungkahi nitong drilling activities na walang pahintulot nila.

Malubha ang mga epektong kaugnay ng nickel operation na iniulat ng mga Pala'wan at batay dito, hindi dapat aprubahan nang walang pahintulot ang mga mining project sa rehiyon. Sa konklusyon ng Amnesty International, nakapipinsala ang mga operasyon ng INC sa kolektibo at indibidwal na karapatan ng Palawan Indigenous People para sa malinis, malusog at sustainable environment dahil sa polusyong hatid nito sa kapaligiran, na pumipinsala rin sa kanilang mga karapatan sa kalusugan, kabuhayan at kultura. Nanganganib na mas mapipinsala pa ang mga karapatang ito sa mga iminungkahing operasyon ng MMC at Lebach.

## NICKEL SUPPLY CHAIN



Ang Pilipinas ang pinakamalaking exporter ng nickel ore sa buong mundo. Tumatanggap ang China ng pinakamalaking bahagi ng Philippine nickel exports, na sinusundan ng Japan at South Korea. Kapag narating na ng nickel ore ang destinasyon, prinoproseso ito at isinasama sa mga finished goods, tulad ng stainless steel at EV batteries. Iminumungkahi ng pananaliksik ng Amnesty International sa mga buyer ng nickel ng mga minahang kasama sa ulat na ito na malaki ang posibilidad na pumapasok sa mga supply chain ng pangunahing EV companies ang nickel na nagmula sa Zambales at Palawan. Hangga't walang higit pang transparency ang supply chain ng mga EV brand, hindi maitatanggi na maaaring naglalaman ng nickel na may kaugnayan sa human rights at environmental abuse sa Pilipinas ang kanilang mga sasakyan. Sumulat ang Amnesty International sa mga kumpanyang nag-aangkat ng nickel mula sa mga minahan na kasama sa ulat na ito, at sa kanilang mga buyer. Makikita sa Annex 1 ang kanilang mga tugon.



# KONKLUSYON AT MGA PANGUHANHING REKOMENDASYON

Ipinapakita ng mga kaso ng pagmimina ng nickel sa Santa Cruz at Brooke's Point ang kahalagahan ng sapat na pagpapaalam sa lahat ng mga komunidad na maaaring maapektuhan at ang pagsasagawa ng tunay at makabuluhang konsultasyon na nagsasaalang-alang at tumutugon sa mga alalahanin ng mga miyembro ng komunidad. Nagsisilbing babala ang mga ito para sa human rights at environmental costs ng walang sapat na paghihigpit sa extraction ng raw materials na kinakailangan para sa energy transition.

Patuloy na bigo ang pamahalaan ng Pilipinas sa tungkulin nitong protektahan ang mga komunidad laban sa mga pang-aabuso sa karapatang pantao ng industriya ng pagmimina ng nickel at panagutin ang mga may kasalanan. Dapat agarang umaksyon ang pamahalaan upang matiyak ang pagtamasa ng mga karapatang pantao para sa mga apektadong komunidad sa pamamagitan ng maagap na pagsisiyasat sa mga pinsalang nakadokumento sa ulat na ito. Kung may natagpuang mga paglabag, kailangang gumawa ang pamahalaan ng mga hakbang upang wakasan ang mga pinsala at suspindihin ang mga operasyon hanggang sa maganap ang tunay na mga konsultasyon, mapanagot ang mga may kasalanan at mabigyan ng lunas ang mga apektadong rights-holder. Kung umiiral ang scientific uncertainty patungkol sa mga panganib at posibleng epekto ng mga aktibidad sa pagmimina sa mga katabing likas na yaman, at kung maaaring humantong ang mga epekto sa malaki at hindi maiwawastong (irreversible) pinsala sa kapaligiran, dapat ipatupad ng pamahalaan ang Precautionary Principle, isang gabay na pamantayan sa international environmental law, sa pamamagitan ng pagsuspinde sa mga operasyon hanggang may sapat na impormasyong nakalap upang malutas ang kawalan ng katiyakan para sa posibleng irreversible na pinsala.

Para sa mga extractive project na nakaaapekto sa mga Indigenous People, kailangang matanggap ang FPIC at kung hindi ibinigay ang pahintulot, hindi dapat magpatuloy ang proyekto. Sa kaso ng Brooke's Point, dapat suspindihin ng pamahalaan ang lahat ng operasyon ng pagmimina, at dapat lamang alisin ang suspensyon kapag at kung mayroong tunay na FPIC na natanggap. Kung may nakitang mga paglabag sa FPIC, dapat suspindihin ng pamahalaan ang (mga) kasunduan sa pagmimina.

Dahil sa tindi ng mga panganib na dulot ng mga nickel mining operation, dapat ihinto ng mga kumpanyang kasama sa ulat na ito ang lahat ng operasyon hanggang sa mapatunayan nilang ligtas ang kanilang mga operasyon at hindi nakapipinsala sa mga karapatang pantao at sa kapaligiran. Dapat silang sumangguni, makipag-usap at patuloy na makipag-ugnayan sa kapwa apektado at potensyal na apektadong mga rights-holder, at igalang ang mga karapatan ng mga Indigenous People, kabilang ang mandatoryong pagsasagawa ng FPIC. Upang matugunan ang kanilang responsibilidad na igalang ang mga karapatang pantao, dapat magsagawa ang mga nickel mining company ng patuloy na human rights at environmental due diligence upang matukoy kung may negatibong epekto ang alinman sa kanilang mga operasyon. Kaakibat dapat nito ang patuloy at independiyenteng pagsubaybay sa kalusugan at kapaligiran. Kung may matatagpuan silang pinsalang nauugnay sa kanilang mga operasyon, kailangan nilang umaksyon upang wakasan ang mga pinsala at magbigay ng naaangkop na mga remedyo.



*Isang open pit nickel mine sa Palawan, Pilipinas © 2024 Amnesty International*

> ***Dahil sa tindi ng mga panganib na dulot ng mga nickel mining operation, dapat ihinto ng mga kumpanyang kasama sa ulat na ito ang lahat ng operasyon hanggang sa mapatunayan nilang ligtas ang kanilang mga operasyon at hindi nakapipinsala sa mga karapatang pantao at sa kapaligiran.***

# PANGUNAHING MGA REKOMENDASYON SA PAMAHALAAN NG PILIPINAS

## SA PANGULO

- Tiyaking hindi magbibigay-daan para sa mga pang-aabuso sa karapatang pantao at pang-aabuso sa kapaligiran ng mga apektadong komunidad ang pagmimina at lahat ng kaugnay na mga gawain nito.
- Mag-isyu ng executive order para sa interagency review ng lahat ng nickel mining applications at operations na inaprubahan ng Mines and Geosciences Bureau, na may epektibong partisipasyon ng mga komunidad na apektado ng pagmimina at ng civil society.

## SA DENR

- Suspindihin ang mga operasyon ng mga operator ng pagmimina na tinukoy sa ulat na ito, hanggang sa maisagawa ang agarang pagsisiyasat sa mga karapatang pantao at pang-aabuso sa kapaligiran na nakadokumento sa ulat na ito, at naibigay ang epektibong remedyo kung saan natukoy ang mga masamang epekto. Kabilang dapat sa remediation ang epektibong partisipasyon ng mga apektadong komunidad, maging ang paglilinis, patuloy na pagsusuri at paggamot sa kalusugan, compensation, mga garantiya ng hindi pag-ulit at iba pang naaangkop na mga hakbang.
- Agad na dagdagan ang pangangasiwa o *oversight* sa industriya ng pagmimina sa pamamagitan ng malinaw at mas madalas na pagsubaybay at pag-iinspeksyon, at panagutin ang mga kumpanya para sa mga paglabag sa karapatang pantao at pinsala sa kapaligiran. Suspindihin ang mga kumpanya ng pagmimina na natagpuang lumalabag sa mga batas sa pangangalaga sa kapaligiran hanggang sa maitama nila ito, at kanselahin ang mga mineral agreement ng mga kumpanya na paulit-ulit na hindi sumusunod.
- Tiyaking may access ang mga komunidad na naaapektuhan ng pagmimina sa ligtas at sapat na inuming tubig at tubig para sa gawaing bahay at tiyakin ang kanilang karapatan sa malinis, malusog at sustainable na kapaligiran. Magsagawa ng patuloy na pagsubaybay sa kapaligiran at kalusugan sa mga lugar na apektado ng pagmimina ng nickel at gawing available sa publiko ang mga resulta nito.
- Tiyaking isinasagawa ang mga konsultasyon sa lahat ng posibleng maaapektuhang komunidad, alinsunod sa mga internasyonal na pamantayan. Atasan ang (mga) proponent ng proyekto na magbigay sa mga komunidad ng access sa makabuluhang impormasyon tungkol sa proyekto, kabilang ang mga pagsusuri sa epekto sa kapaligiran at lahat ng iba pang kaugnay na dokumentasyon ng proyekto, bago pa man ang mga konsultasyon.

## SA NCIP

- Tiyakin ang makabuluhang konsultasyon ng mga Indigenous People upang makuha ang kanilang FPIC bago magbigay ng mga permit at magsimula ang mga proyekto. Isama ang mga itinalagang kinatawan ng mga institusyon/pinuno ng mga Indigenous People sa mga konsultasyon, at umayon sa mga paraan, proseso at takdang panahon na tinukoy ng mga Indigenous People. Kung hindi ibinigay ang pahintulot o binawi ito kalaunan, hindi dapat magpatuloy ang proyekto.

## SA KONGRESO

- Repasuhin ang umiiral na batas upang palakasin ang pangangalaga sa kapaligiran at sa mga karapatang pantao. Tiyaking mas pahahalagahan ang proteksyon para sa karapatang pantao at kapaligiran kaysa sa mga pang-negosyong interes ng mga kumpanya.

# MGA PANGUNAHING REKOMENDASYON SA MGA KUMPANYA

## SA LAHAT NG NICKEL MINING COMPANIES SA PILIPINAS

- Tiyaking hindi makapipinsala ang mga operasyon sa mga karapatang pantao at sa kapaligiran; magsagawa ng patuloy na due diligence upang matukoy, maiwasan, mapagaan at maisaalang-alang ang mga negatibong epekto sa mga karapatang pantao at sa kapaligiran alinsunod sa mga internasyonal na pamantayan.
- Bago ang mga konsultasyon, ibahagi sa isang napapanahon at bukas na paraan ang lahat ng makabuluhang impormasyon tungkol sa proyekto, kabilang ang mga kaugnay na project documents at lahat ng potensyal na epekto sa mga karapatang pantao at sa kapaligiran.
- Magsagawa ng tunay at makabuluhang mga konsultasyon sa lahat ng posibleng maaapektuhan na rights-holders sa mga kritikal na yugto ng pagpaplano, pagpapatupad, pagsubaybay at rehabilitasyon ng proyekto. Tiyakin ang paggalang sa mga karapatan ng mga Indigenous People, kabilang ang kanilang mga karapatan sa FPIC, upang matukoy ang proseso kung saan ibinibigay ang FPIC at wini-withhold ang consent.

## SA MGA NICKEL MINING COMPANY SA ULAT NA ITO

- Agad na imbestigahan at tugunan ang mga nakadokumentong pang-aabuso sa karapatang pantao at sa kapaligiran na nasa ulat na ito, nang may mabuting loob (good faith) at may konsultasyon sa mga apektadong komunidad, at magbigay ng epektibong lunas kung saan may natagpuang mga masamang epekto. Dapat isaalang-alang at suriin ng mga remedyo ang mga hinihingi ng mga komunidad para sa sapat na kabayaran, pagsubaybay sa kalusugan at paggamot, at tiyakin ang hindi pag-ulit sa mga paglabag.
- Itigil ang lahat ng mga operasyon hanggang sa naisagawa na ang tunay at makabuluhang mga konsultasyon, at naibigay ang patunay na ligtas ang mga operasyon at hindi ito nakapipinsala sa mga karapatang pantao at sa kapaligiran. Para sa mga kumpanyang may operasyon sa Brooke's Point, ihinto ang lahat ng operasyon hanggang sa makuha ang tunay na FPIC alinsunod sa mga internasyonal na pamantayan. Kung hindi ibinigay ang pahintulot, hindi dapat magpatuloy ang mga operasyon.

## SA MGA DOWNSTREAM COMPANY

- Agarang magsagawa ng malinaw at bukas na 'value chain human rights and environmental due diligence' para sa nickel at iba pang energy transition materials upang maunawaan ang anumang potensyal o aktwal na mga panganib sa karapatang pantao. Tiyaking kabilang dito ang pagmamapa at paglalahad sa publiko ng impormasyon tungkol sa supply chain na sumasaklaw sa bawat yugto. Gumawa ng remedial action kung may naganap na mga pang-aabuso sa karapatang pantao sa anumang punto sa isang supply chain relationship.

Matatagpuan ang buong listahan ng mga rekomendasyon sa Kabanata 11 ng ulat na ito.

**ANG AMNESTY INTERNATIONAL AY ISANG PANDAIGDIGANG KILUSAN PARA SA KARAPATANG PANTAO. KUNG NAKARARANAS NG KAWALAN NG HUSTISYA ANG ISANG TAO, MAHALAGA ITO PARA SA ATING LAHAT.**

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

info@amnesty.org

+44 (0)20 7413 5500

LUMAHOK SA USAPAN

www.facebook.com/AmnestyGlobal

@AmnestyOnline

Index: ASA 35/8607/2024
Oktubre 2024
amnesty.org

AMNESTY INTERNATIONAL